TOMO 38 BILANG 2 BASAHIN AT TALAKAYIN ABRIL-HUNYO 2016

# KALATAS

*Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan*

EDITORYAL

## Pag-ibayuhin ang rebolusyonaryong pakikibaka sa ilalim ng gubyernong Duterte

Nagbukas ng maraming oportunidad ang pagkakahalal ni Rodrigo Duterte sa pampanguluhan ng bansa. Gayunman, kahit pa mabuladas niyang ipinapahayag na siya ay isang "sosyalista" at "kaliwa", ang katotohanan, si Duterte ang punong haligi ngayon ng reaksyunaryong gubyerno—isang reaksyunaryong gubyernong nag-iinisyatiba ng mga reporma ngunit hindi para baguhin ang malakolonyal at malapyudal na sistema ng lipunan.

Una sa lahat, kailangang maunawaan na sa saligan, walang makabuluhang pagbabagong naganap sa pagkakaluklok ni Duterte. Nananatili ang kamay ng imperyalismong US at mga alipures nitong malalaking burgesya kumprador at panginoong maylupa sa iba't ibang aspeto ng lipunan. Kinakatawan ni Duterte ang isang bahagi ng naghaharing uri sa estado at wala sa kanya ang buu-buong kontrol dito. Liban sa ilang progresibong itinalaga niya sa mga departamento, dominado pa rin ng mga reaksyunaryo ang buong makinarya ng estado. Kaya naman dapat higit na maging mapagmatyag ang mga progresibo at rebolusyonaryo para maiwasang mahulog sa mga pailalim na pakana ng impeyalismong US at mga alipures nito sa bansa.

At dahil hindi naman hawak ni Duterte ang buong pwersang panseguridad ng estado na Armed Forces of the Philippines (AFP) at Philippine National Police (PNP), todo ang kanyang ginagawang panunuyo. Nais niyang makuha ang katapatan ng mga ito sa kanya kung kaya katakut-takot na pangakong benepisyo ang kanyang binibitawan bukod sa pag-iikot niya sa mga kampo-militar. Higit na nakababahala ang pagtutulak niya sa mga pwersang militar at pulisya ng kasiguruhang dedepensahan niya ang mga ito laban sa mga magrereklamo sa mga abuso sa karapatang pantao ng mga awtoridad.

Nananalaytay sa militar at pulisya ang tradisyon at kulturang mersenaryo. Bilang mga pangunahing instrumento ng marahas na paghahari ng reaksyunaryong estado, anumang oras na may banta sa pananatili ng mga naghaharing uri sa estado poder ay pakakawalan nito ang pinakamararahas at pinakamalulupit na atake sa mamamayan.



# KALATAS

**ABRIL-HUNYO 2016**
**Tomo 38 Bilang 2**

**NILALAMAN**


1 *Editoryal*

4 *Papanagutin si BS Aquino, isulong ang pambansa-demokratikong pagbabago*

7 *Ipatupad ang tunay na repormang agraryo at pambansang industriyalisasyon*

9 *Palayain ang mga bilanggong pulitikal, isulong ang usapang pangkapayapaan*

10 *People's Agenda, inihain sa inagurasyon ni Duterte*

*Pagbaba ni BS Aquino sa pwesto, sinalubong ng protesta*

11 *Pagwawakas ng endo, panawagan sa Mayo Uno*

12 *Balitang TO*

13 *Pagkakaisa ng mga katutubo, tampok sa Mangyan Day*

*Panawagan ng hustisya para kina Ka Eden at Ka Eddie, nagpapatuloy*

14 *Ka Dorris, pinagpugayan ng mamamayan*

*Pandaraya, anumalya at karahasan, tampok sa nakalipas na halalan*

15 *Bantay Karapatan*

16 *Paglaban sa coal mining, tampok sa Earth Day*

*BAYAN-ST, nakiisa sa mga magsasaka sa Kidapawan*

17 *Kultura*


Ito ang reyalidad na dapat na panghawakan ng mamamayan. Tunay ngang hindi magtatagal, kapag nasalang ang interes ng malalaking burgesya kumprador-panginoong maylupa at ng mga monopolyo kapitalista, asahan na higit pang titindi ang pakikibaka ng sambayanan upang kamtin ang tunay na kalayaan, demokrasya at kasaganaan.

Dapat mapagtanto na ang pakikipagmabutihan ng kasalukuyang rehimen ay ibinunga ng ilampung taong pakikibaka ng sambayanan. Hindi ito resulta ng pagmamabuting-loob ni Duterte o matalik na pakikipagkaibigan lamang kundi pagkilala ito sa pampulitikang lakas ng rebolusyon. Kung babasahin ang kanyang mga *body language*, sa bawat araw, mararamdaman ang pagbabago sa tibay ng kanyang mga binibitawang salita at komitment para sa pagpapatuloy ng usapang pangkapayapaan at pagpapalaya sa mga detenidong pulitkal.

Kailangang higit na maging mapagbantay ng rebolusyonaryong mamamayan at magmatyag sa mga laro at maniobra upang pahinain ang rebolusyonaryong kapasyahan ng masa, malulong sa repormistang ilusyon ng pagbabago at ilayo sila sa rebolusyonaryong landas.

Gayunman, anuman ang kahinatnan ng ugnayang ito sa bagong rehimen, hindi kailanman magmamaliw ang rebolusyonaryong mithiin ng sambayanan. Tungkulin ng ligal na demokratikong kilusang masa ang patuloy na pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa pinakamalawak na hanay ng mamamayan para isulong ang kanilang mga pambansa-demokratikong karapatan. Nasa mga progresibo't rebolusyonaryo ang tungkuling itulak ang mga positibong aspeto ng ugnayang ito tulad ng pagbabasura ng kontraktwalisasyon na nagpapahirap sa mga manggagawa, pagsusulong ng tunay na repormang agraryo na malaon nang hinahangad ng mga magsasaka, pagpapaunlad ng serbisyong pangkalusugan, pagtugon sa mga kagyat na pangangailangan ng mamamayan sa tuwing may kalamidad at pagpapalaya sa mga bilanggong pulitikal at sa mga istap at konsultant ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) sa usapang pangkapayapaan.

Lalong nasa paborebaleng kundisyon para higit na makapagpalakas ang mga rebolusyonaryong pwersa. Nagpapatuloy ang krisis ng sistemang malakolonyal at malapyudal kung kaya't laging nariyan ang mga dahilan para isulong ang rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan. Ubos-kayang gawin ng mga rebolusyonaryo sa Timog Katagalugan ang lahat para mag-ambag sa kabuuang pagsisikap sa pambansang saklaw na palakasin ang mga rebolusyonaryong gawain kapwa sa kanayunan at kalunsuran.

Sa hanay ng mga manggagawa, sundan pa ng paparaming welga mula sa iba't ibang engklabo, pook-industriyal at mga pabrika ang kasalukuyang nakawelgang mga manggagawa. Ibuhos ang papalawak at paparaming suportang materyal at moral sa kanila at gawing paaralan ang kanilang mga piketlayn.

Isulong ang mga pakikibakang masa para sa pagpapabuti ng serbisyong panlipunan. Labanan ang mga patakarang neoliberal ng pribatisasyon ng mga pampublikong ospital. Maglunsad ng mga pagkilos para igiit ang serbisyong pabahay at pangkalusugan na dapat ay natatamasa ng mamamayan.

Patuloy na labanan ang pagpapatupad ng programang K-12 na nakadisenyo sa mga patakarang neoliberal na pagtugon sa pangangailangan sa lakas-paggawa ng pandaigdigang merkado. Sa halip, pasiglahin ang pag-aaral sa iba't ibang kaparaanan para paunlarin ang sektor ng agrikultura at manupaktura na maglilingkod sa batayang pangangailangan ng mamamayan.

Ilunsad ang mga pakikibakang antipyudal laban sa malalawak na hacienda tulad na lamang ng Hacienda Looc sa Batangas, Hacienda Yulo sa Laguna at sa *hacienda belt* sa Quezon. Ilunsad din ang iba't ibang mga kampanyang suyuan, pagpapataas ng sahod ng mga manggagawang bukid at pagpapataas ng presyo ng mga produktong bukid.

Dapat maglingkod ang pagpapalakas ng mga pakikibakang masa sa pagpapalakas ng rebolusyonaryong kilusang lihim ng mga manggagawa, magsasaka, kababaihan, kabataan, mga propesyunal, maralita, mangingisda at iba pang demokratikong sektor. Higit na pahigpitin at patatagin ang pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) sa pamamagitan ng pagtatayo ng paparami pang bilang ng mga sangay sa mga pagawaan, komunidad, eskwelahan, opisina at iba pa.

Higit sa lahat, paglingkurin ang lahat ng mga rebolusyonaryong pagsisikap sa pagpapalakas ng armadong pakikibaka sa kanayunan. Itaguyod at palakasin pa ang Bagong Hukbong Bayan at patuloy na palawakin ang nakikilusang mga sona at larangang gerilya sa saklaw ng CALABARZON, pati na rin sa mga islang probinsya ng MIMAROPA. Kaalinsabay, dapat isulong ang tatlong magkatambal na tungkulin ng pagsusulong ng armadong pakikibaka, rebolusyong agraryo at pagtatayo ng papalawak at papalalim na baseng masa.

Dapat patuloy na palakasin ang Partido sa larangan ng ideolohiya, pulitika at organisasyon. Sa pamamagitan ng isang malawak at malakas na Partido na mataas ang pundasyong ideolohikal at nagkakaisa sa pulitika, matitiyak nating nasa wastong landas ang rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan.

Ang **KALATAS** ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng **Marxismo-Leninismo-Maoismo.** Inilalathala ito ng **Partido Komunista ng Pilipinas** (MLM) at ng **Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.**

Inaanyayahan ng Patnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan.


Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:

kalatastk@gmail.com

# Papanagutin si BS Aquino, isulong ang pambansa-demokratikong pagbabago

Sa pagtatapos ng anim na taong panunungkulan ni Benigno S. Aquino III, bukambibig ng kanyang rehimen ang diumanong pamana ng pag-unlad na natamasa ng mamamayang Pilipino. Subalit ang totoo, labis na dumausdos ang pamumuhay ng sambayanan—tumindi ang kawalan ng trabaho, kagutuman at kahirapan.

Dama ng mamamayan ng Timog Katagalugan ang nagpapatuloy na kahirapan at pagsahol ng kanilang pamumuhay. Sa balangkas ng neoliberal na patakaran ng imperyalismong US, labis na hinambalos ang masang manggagawa sa loob ng mga pabrika. Minasaker nito ang regular na trabaho at ipinalaganap ang kalakarang kontraktwalisasyon at kaswalisasyon. Umaabot na sa abereyds na 70 hanggang 80 porsyento ang kabuuang bilang ng mga manggagawang kontraktwal sa rehiyon, kalakhan ay mula sa industriya ng *semiconductors* at *electronics*, ng damit at tela, at manupaktura ng pagkain. Isa sa pinakamalala ang kalagayan ng mga manggagawa sa Tanduay kung saan umaabot ng higit 90 porsyento ang bilang ng mga manggagawa nitong kontraktwal.




Sa pakikipagsabwatan sa mga institusyon ng reaksyunaryong gubyerno tulad ng Department of Labor and Employment at Regional Tripartite Wage Productivity Board, lalo pang binarat ng mga kapitalista ang arawang sahod ng mga manggagawa. Sa probinsya ng Laguna kung saan matatagpuan ang pinakamalaking konsentrasyon ng mga engklabo at pook-industriyal, umaabot lamang ng 337 piso ang minimum na sahod ng mga manggagawa sa mga pabrika sa bayan ng San Pedro hanggang Biñan, habang 315 piso naman ang arawang minimum na sahod sa Sta. Rosa hanggang Bay. Sa probinsya naman ng Cavite, nasa pagitan ng 296 hanggang 362 piso ang karaniwang minimum na sahod ng mga manggagawa habang sinagad pa ng hanggang 240 piso ang arawang sahod ng mga ginagawang ekstra, *reliever* at mga nakapaloob sa *dual training system*.

Labis na inatake rin ang karapatan sa pag-uunyon at pag-oorganisa ng mga manggagawa. Sa Tanduay, patuloy na nagmamatigas ang kapitalista sa kabila ng matagumpay na paggigiit ng mga manggagawa ng Tanduay na gawing regular ang mga kontraktwal. Patuloy namang ginigipit ang mga manggagawa ng Manila Cordage Company at Manco Synthetic, Inc. na nagputok ng welga nitong Mayo 2016. Ang iba naman ay iligal na tinanggal na ng mga kapitalista.

Sa hanay naman ng mga magsasaka, maliban pa sa hindi pamamahagi ng lupain sa mga magsasaka sa Hacienda Luisita na pagmamay-ari ng pamilya ni BS Aquino, nagpapatuloy din ang pangangamkam at monopolyo sa lupa ng mga panginoong maylupa at malalaking debeloper sa mga hacienda at iba pang malalawak na lupain sa rehiyon. Tampok dito ang Hacienda Yulo sa Laguna (7,100 ektarya); Hacienda Reyes sa Quezon (10,000 ektarya); Hacienda Looc (8,850 ektarya), Hacienda Roxas (8,813 ektarya), at Hacienda Zobel (12,000 ektarya) sa Batangas; Patungan (602 ektarya) at Lupang Aguinaldo (350

ektarya) sa Cavite; ang MWSS-Lopez-Ayala (2,720 ektarya) sa Rizal; Saulog Estate (98 ektarya) at Quintos-Golden County Farm (600 ektarya) sa Mindoro; ang Yulo King Ranch (40,000 ektarya) at Pujalte Estate and Guevent Development Corp. (1,265 ektarya) sa isla ng Palawan.

Biktima rin ang mga magsasaka ng pananalasa ng mga neoliberal na patakaran sa bansa. Dahil sa liberalisasyon sa agrikultura tulad ng pagsandig sa mga patakaran ng General Agreement on Tariffs and Trade-World Trade Organization (GATT-WTO), bumabagsak ang presyo ng mga lokal na produkto sa bansa tulad ng asukal na labis na nakaapekto sa mga magsasaka at manggagawang bukid sa Batangas at Cavite. Dagdag na pahirap pa ang kawalan ng suporta sa agrikultura tulad ng irigasyon at subsidyo sa mga magsasaka laluna sa panahon ng kalamidad.

Hanggang sa kasalukuyan, ipinagkakait pa rin sa masang magsasaka sa niyugan ang 246 bilyong *coco levy funds* (CLF). Sa 3.5 milyong benepisyaryo ng CLF, 204,000 pamilya nito ay matatagpuan sa probinsya ng Quezon.

Samantala, sa balangkas pa rin ng neoliberalismo, higit na pinabilis ang rekonsentrasyon ng lupa sa mga panginoong maylupa at malalaking debeloper at pagpapalit-gamit ng lupa tungong industriyal, komersyal at residensyal. Patuloy na inaagawan ng lupa ang mga katutubong Mangyan, mga setler at magsasaka sa pamamagitan ng huwad na programang pangreporestrasyon ng reaksyunaryong gubyernong tinawag na National Greening Program. Sa mga baybaying-dagat naman tulad ng Hacienda Looc, Lemery at Batangas City, nakaambang mawalan ng hanapbuhay at panirikan ang mga mangingisda dahil sa *coastal conversion*.

Sa larangan naman ng serbisyong panlipunan, nanganganib na isapribado ang dalawang *regional hospitals*, ang Batangas Regional Hospital at Rizal Medical Center, at apat na iba pang pampublikong ospital, ang Sta. Cruz District Hospital, San Pablo District Hospital at Jose Rizal Hospital sa Laguna, at Quezon Provincial Hospital sa lalawigan naman ng Quezon. Ang pagsasapribado ng mga naturang pasilidad ay itinago sa likod ng korporatisasyon ng mga ito. Ibig sabihin, mula sa pinatatakbo ito ng gubyerno, patatakbuhin ang mga ito ng mga korporasyon na bubuuin ng mga pribadong entidad. Samakatwid, ng mga negosyante. Katwiran pa, na sa pamamagitan ng ganitong sistema, mapapaunlad ang pasilidad at serbisyo ng mga ospital na ito ngunit kapalit ng dugo at pawis ng mamamayan. Maghuhugas kamay na ang gubyerno sa responsibilidad at obligasyon sa pagbibigay ng libreng serbisyong pangkalusugan sa taumbayan.

***"Sa ilalim ng kanyang kontra-rebolusyonaryong pakanang Oplan Bayanihan, sa Timog Katagalugan pa lamang ay 29 ang pinatay, apat ang mga desaparesidos habang iligal na dinukot at ibinilanggo ang iba pa."***

Sa balangkas naman ng iba't ibang mga proyektong "pangkaunlaran" tulad ng Laguna Lake Expressway Dike Project (LLEDP) at pagtatayo ng *pier* sa Batangas, nakaamba ang malawakang demolisyon sa tabing-lawa ng Laguna, at sa Nasugbu, Sta. Clara at Batangas City. Nababahala ding mademolis ang mamamayan sa Lupang Arienda sa Rizal at sa mga baybayin ng Cavite.

Samantala, ang mga kabataan naman ay naging biktima ng malalaking kaltas sa badyet ng edukasyon. Dahil sa programang K-12 ni BS Aquino, lumobo pa ang bilang ng mga estudyanteng hindi na nakapasok ng Grade 11. Dagdag pa, nakabalangkas ang K-12 sa paglalako sa murang lakas-paggawa ng mamamayang Pilipino para sa pangangailangan ng ibang bansa.

Bumaba sa estado poder si BS Aquino nang may mga kamay na tigmak sa dugo. Sa ilalim ng kanyang kontra-rebolusyonaryong pakanang Oplan Bayanihan,

sa Timog Katagalugan pa lamang ay 29 ang pinatay, apat ang mga *desaparesidos* habang iligal na dinukot at ibinilanggo ang iba pa. Libu-libong mamamayan ang ginipit, tinakot at nagbakwit sa kanilang mga komunidad. Sa kasalukuyan, umaabot na ng 58 ang mga bilanggong pulitikal na nagmula sa rehiyon.

Wala pa ni isang napanagot sa mga sangkot sa paglabag sa karapatang pantao ng mamamayan. Tumawid na rin sa ilang rehimen ang mga kaso ng mga nagdaang rehimen. Hanggang sa kasalukuyan, wala pa ring napapanagot sa mga may sala, tulad na lamang ng kaso ng karumal-dumal na pagpaslang kina Ka Eden Marcellana, ang dating pangkalahatang kalihim ng KARAPATAN-Southern Tagalog at Ka Eddie Gumanoy, ang ikalawang tagapangulo ng Katipunan ng mga Samahang Magbubukid-Timog Katagalugan (KASAMA-TK), noong Abril 22, 2003.




Ipinakita ni BS Aquino ang kawalan niya ng sinseridad at intensyon na pumasok sa usapang pangkapayapaan. Sa tuwi-tuwina ay ipinagmamarali niyang tagumpay ng kanyang rehimen ang pagbibilanggo sa mga konsultant at istap ng National Democratic Front of the Philippines para sa negosasyon, at ang pagturing sa kanila bilang mga pangkaraniwang kriminal.

Ipinamalas ni BS Aquino ang labis na pangangayupapa sa imperyalismong US sa pagpasok nito sa Enhanced Defense Cooperation Agreement o EDCA. Sa kasalukuyan, nasa proseso na ng pagtatayo ng mga pasilidad sa mga base militar na gagamitin ng mga tropang Amerikano. Noong Abril 2016 ay inilunsad ang pinakahuling Balikatan Exercises sa iba't ibang bahagi ng bansa. Dagdag pa dito ang mas madalas nang pagdaong ng mga sasakyang pandigma ng mga dayuhang bansa. Nagigising na lamang ang sambayanan na nakapasok na sa ating katubigan at nakadaong sa ating mga pantalan ang mga barkong pandigma ng US na armado ng mga sandatang nukleyar tulad ng USS Cheyenne na dumaong sa Subic Bay noong Pebrero 1, 2013. Paulit-ulit na pagyurak ito sa pambansang soberanya at teritoryal na integridad ng Pilipinas na nagdulot ng pinsala sa buhay, kabuhayan at kagalingan ng mamamayan.

Sa loob ng anim na taon, ipinataw ng rehimeng US-BS Aquino ang kahirapan, kagutuman at pambubusabos sa mamamayang Pilipino. Subalit, hindi ito basta na lamang malilimutan o palilipasin ng mamamayan. Dapat papanagutin si BS Aquino sa kanyang kriminal na kapabayaan, paglustay ng kaban ng yaman ng bansa at kataksilan sa taumbayan.

Sa pagpapalit ng mukha ng gubyerno, inaantabayanan ng buong sambayanan kung ano ang magiging mga hakbang ni Rodrigo R. Duterte sa pagtugon sa kahilingan ng mamamayan. Inaantabayanan na rin ang kahihinatnan ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP at GPH. Matapos ang Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) na napagtibay sa panahon ng administrasyon ni Estrada, susunod na usapin sa napagkaisahang adyenda ang pagtugon sa mga usaping sosyo-ekonomiko para mapabuti ang pamumuhay ng mamamayan o Comprehensive Agreement on Socio-Economic Reforms.

Hindi dapat kalilimutan na sa saligan, wala pa ring nagbabago sa malapyudal at malakolonyal na katangian ng bansang Pilipinas. At sa pakikipagnegosasyon, magiging posible lamang ang pakikipagkaisa sa gubyernong Duterte kung ito ay

nakabatay sa pambansang pagkakaisa, kaunlaran at pangmatagalang kapayapaang nakabatay sa katarungan at hustisyang panlipunan.

Sa huli, nananatili at hindi nagbabago ang tungkulin ng rebolusyonaryong mamamayan na magpunyagi sa rebolusyonaryong pakikibaka para igiit, ipagtanggol at isulong ang demokratikong karapatan ng mamamayan. Hindi nagbabago ang tungkulin ng rebolusyonaryong mamamayan na pukawin, organisahin at pakilusin ang buong sambayanan para isulong ang adyenda ng bayan at magkamit ng mga makabuluhang tagumpay. Kailangang buuin ang pinakamalawak na nagkakaisang prente at malakas na kilusang masa para itaguyod ang pambansa-demokratikong interes ng mamamayan. Doon lamang magkakamit ng makabuluhang pagbabago ang sambayanang Pilipino.

## Ipatupad ang tunay na repormang agraryo at pambansang industriyalisasyon

Matapos mapagtibay ang Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) noong 1998, ang susunod nang adyenda sa usapang pangkapayapaan alinsunod sa The Hague Joint Declaration of 1992 ay hinggil sa mga usaping sosyo-ekonomiko.

Ang usaping sosyo-ekonomiko ay isa sa pangunahing nilalaman ng negosasyon dahil sa saligan, ang tutugunan nito ay ang malaon nang atrasado, agraryan at pre-industriyal na katangian ng pambansang ekonomiya, at ang malaganap na kahirapan at kagutuman na siyang ugat ng armadong tunggalian sa bansa.

Ang pangunahing nilalaman ng pambansa-demokratikong programang isinusulong ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) sa larangan ng ekonomiya ay ang pagpapatupad ng repormang agraryo. Para maipatupad ito, kailangan ng mapagpasyang hakbang sa pagbubuwag sa malaganap na monopolyo sa lupa ng mga panginoong maylupa, malalaking burgesya kumprador, debeloper, at dayuhang korporasyon, ipamahagi ito sa mga magsasaka at ilaan ito pangunahin sa produksyon ng batayang pangangailangan ng mamamayan. Kasabay nito ang paghikayat sa kooperatibisasyon sa hanay ng mga magsasaka at manggagawang bukid para higit pang mapaunlad ang produksyon.

Kasabay ng pagpapaunlad ng agrikultura bilang batayan ng pambansang ekonomiya ang pagpapatupad ng pambansang industriyalisasyon bilang nangungunang salik sa ekonomiya. Ang pagdebelop ng agrikultura ay magbibigay daan sa pagsigla ng lokal na pamilihan, pag-unlad ng lokal na manupaktura at pagsibol ng magagaan, midyum at mabibigat na industriya. Ang naturang mga industriya naman ay maglilingkod din sa pagmemekanisa at pagmomodernisa ng mga kagamitan sa produksyon. Lilikha ang pambansang industriyalisasyon ng milyun-milyong trabaho para sa mamamayan.

Taliwas ito sa kasalukuyang kaayusan kung saan malaganap ang maliitang produksyon sa mga sakahan, habang ang malalawak na lupain ay kinumbert bilang mga kapitalistang sakahan tulad na lamang ng mga tubuhan sa Batangas at taniman ng kape sa Cavite. Higit na lumaganap ang pangangamkam ng lupa na nagresulta sa pagpapalayas sa daan libong magsasaka mula sa kanilang mga lupang sinasaka. Sa probinsya na lamang ng Laguna, mula sa dating 80,000 ektaryang palayan ngayon ay umaabot na lamang ng 30,000 ektarya ang natatamnan ng palay. Samantala ang maisan sa buong rehiyon ay sumasaklaw na lamang sa sangkapat ng dating natatamnan o 63,000 ektarya mula sa dating 238,000 ektaryang lupain noong 1990. Sa ganitong kalagayan, paano pa mangyayari ang tuluy-tuloy na masaganang produksyon ng butil para pakainin ang sambayanan?

Sa rehiyong TK, ang Laguna, Cavite at Rizal ang tatlo sa pangunahing tinamaan ng malawakang kumbersyon ng lupa. Makikita ngayon sa tatlong probinsyang ito ang nagkalat na mga *residential*

*homes*, komersyal na empresa, pook-industriyal at engklabo, at mga empresang pang-ekoturismo. Ang dating malalawak na lupaing natatamnan ng palay at iba't ibang gulay at prutas ay nakumbert na tungong residensyal at komersyal. Malaganap din ang *quarrying* at minahan na sumisira sa yamang-tubig tulad ng mga ilog.

Sa mga probinsya ng Batangas at Quezon, nagsisimula na rin ang malawakang pagpapalit-gamit ng lupa. Sa Batangas, tampok sa pinakamaiingay na usapin ngayon ang pangangamkan ng lupa ng malalaking debeloper laluna sa tabing-dagat para sa proyektong ekoturismo, at ang mapaminsala at mapangwasak na pagmimina. Samantala, bahagi pa rin ng kumbersyon ng mga lupain, daan-daan libong puno ng niyog ang patuloy na pinuputol sa Quezon na nagresulta sa pagpapalayas sa libu-libo ring magsasaka at manggagawang bukid sa niyugan.

**"Sa huli, magmumula ang lakas ng rebolusyonaryong kilusan sa pagharap nito sa negosasyon para sa kapayapaan sa GPH sa dambuhalang kilusang masang sumusuporta at nagtataguyod ng pambansa-demokratikong interes ng mamamayan at sa lakas ng armadong rebolusyon sa kanayunan."**

Sa mga islang probinsya naman ng Mindoro, Marinduque, Palawan at Romblon, tampok ang dayuhang korporasyon sa pagmimina. Dagdag pa riyan ang National Greening Program na nagpalayas sa mamamayang katutubo, setler at mga magsasaka. Sa kabuuan, tinatayang aabot na ng 315,759.739 ektaryang lupaing agrikultural sa rehiyon ang nakumbert at nakaambang makumbert tungong residensyal, komersyal at industriyal.

Nasa rehiyong TK ang ilan sa mayor na estratehikong industriya ng enerhiya tulad ng Malampaya Natural Gas at ang Tabangao Shell Refinery sa Batangas City. Nariyan din ang mga *coal fired thermal power plant* na tulad ng nasa Mauban, ang Hopewell sa Pagbilao, Quezon at ang Calaca I at II sa Batangas na mapanganib sa kalikasan at kalusugan ng mamamayan.

Matatagpuan din sa rehiyon ang higit 60 engklabong industriyal kung saan nag-oopereyt ang halos 2,000 mga empresang dominado ng dayuhang malalaking kapitalista. Ang industriya ng *semiconductors* at *electronics* ang isa sa ipinagmamalaki ng reaksyunaryong gubyerno na nag-ambag sa *gross domestic product* (GDP) ng bansa mula sa eksport ng mga engklabo sa pagmamanupaktura. Malaki naman ang pamumuhunang inilagak ng mga dayuhang kapitalista sa industriya ng sasakyan subalit nananatiling *assembly* ang operasyon nito sa bansa. Kapwa hindi istable ang mga industriya ng sasakyan, at ng *semiconductors* at *electronics* sapagkat bulnerable ito sa dagliang mga pihit ng mga sitwasyon sa pandaigdigang pamilihan.

Sa kabuuan, wala pa ring mga batayang industriya tulad ng kemikal at bakal na may kakayahang lumikha ng istableng industriyang maglilingkod sa pangangailangan ng agrikultura at sa mga batayang pangangailangan ng mamamayan.

Ang tunay na repormang agraryo at pambansang industriyalisasyon bilang susing usaping sosyo-ekonomiko sa negosasyong pangkapayapaan ay direktang bumabangga at humahamon sa interes ng malalaking burgesya kumprador at panginoong maylupa, at mga dayuhang korporasyon. Dahilan ito upang sabotahehin ng reaksyunaryong gubyerno at pigilan ang makabuluhang pag-usad ng negosasyong pangkapayapaan.

Sa huli, magmumula ang lakas ng rebolusyonaryong kilusan sa pagharap nito sa negosasyon para sa kapayapaan sa GPH sa dambuhalang kilusang masang sumusuporta at nagtataguyod ng pambansa-demokratikong interes ng mamamayan at sa lakas ng armadong rebolusyon sa kanayunan. Sa ganito lamang magtatagumpay ang pakikibaka ng mamamayan para pawiin ang kagutuman, kahirapan at pambubusabos.

## Palayain ang mga bilanggong pulitikal, isulong ang usapang pangkapayapaan

Bago pa maluklok bilang bagong pangulo ng reaksyunaryong gubyerno si Rodrigo R. Duterte, positibo itong nagpahayag ng kagustuhang simulan muli ang matagal nang naunsyaming usapang pangkapayapaan sa pagitan ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) at Gubyerno ng Pilipinas (GPH). Inaasahang sa darating na Hulyo ay magbubukas nang muli ang pormal na usapang pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP at GPH.

Sa muling pagbubukas ng negosasyon, iginiit ng NDFP na kilalanin ng GPH ang mga pinasok nitong mga kasunduan sa NDFP sa kurso ng negosasyon para sa kapayapaan—ang The Hague Joint Declaration of 1992 na naglalatag sa magiging balangkas ng usapang pangkapayapaan; ang Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG) na nagbibigay ng proteksyon sa mga konsultant at istap ng NDFP laban sa pagmamanman, pag-aresto at pag-usig ng pwersang panseguridad ng estado; at ang Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) na nagtataguyod sa karapatang pantao ng mamamayan.

Sa rehiyong Timog Katagalugan, tatlong mga JASIG-*protected* na mga personalidad sa panig ng NDFP ang iligal na ikinulong ng GPH. Pangunahin na rito si Eduardo "Ka Eddik" Serrano na iligal na inaresto noong Mayo 2, 2004 sa panahon ng rehimen ni Gloria Macapagal-Arroyo. Ang iligal na pagkukulong kay Ka Eddik sa bisa ng mga maling paratang ay naging sanhi ng paglala ng kanyang sakit sa puso at labis na nagpabagsak ng kanyang pisikal na katawan. Pumanaw si Ka Eddik noong Enero 8, 2016 dahil sa atake sa puso, matapos ang halos 11 taong iligal na pagkakakulong. Ito ay sa kabila ng pasya ng reaksyunaryong korte na isang pagkakamali ang pagbilanggo sa kanya.

Sa panahon ni BS Aquino, ilang linggo bago ang nakatakdang muling pagbubukas ng negosasyong pangkapayapaan, iligal na hinuli at ibinilanggo si Tirso "Ka Bart" Alcantara noong Enero 4, 2011 sa Lucena City, Quezon. Ipinamalas ni BS Aquino ang paulit-ulit na pananabotahe sa usapang kapayapaan at kalaunan ay naglantad sa tunay na kawalang sinseridad nitong umupo sa negosasyon para pag-usapan ang ugat ng armadong tunggalian sa bansa.

Karugtong ng sunud-sunod na pag-aresto sa mga konsultant at istap ng NDFP noong unang hati ng taong 2015, iligal namang inaresto si Ernesto "Ka Ernie" Lorenzo noong Hulyo 20, 2015 sa Quezon City.

Dagdag dito, sa kasalukuyan ay umaabot na ng 58 ang bilang ng mga bilanggong pulitikal mula sa Timog Katagalugan. Sinampahan sila ng mga gawa-gawang kasong kriminal para bigyang-matwid ng GPH ang patuloy na pagpiit sa kanila. Ang ilan sa kanila ay ikinulong sa kabila ng maselang kalagayang pangkalusugan tulad na lamang ni Maria Miradel Torres na buntis nang arestuhin sa Lucena City, Quezon. Matapos makapanganak sa ospital ay muling ibinalik sa Camp Bagong Diwa sa Bicutan si Torres, kasama ang kanyang bagong-silang na anak. Ang ibang matatandang bilanggong pulitikal naman ay patuloy na lumalala ang kalagayang pangkalusugan dahil sa napakasamang kalagayan sa loob ng piitan.

Dapat buuin ang malawak na pagkakaisa ng mamamayang nagtataguyod ng usapang pangkapayapaan. Dapat higit pang paigtingin ang panawagan na kagyat na palayain ang lahat ng bilanggong pulitikal sa buong bansa upang bigyang daan ang pag-usad ng negosasyon para sa kapayapaan.

## People's Agenda, inihain sa inagurasyon ni Duterte

Naglunsad ng *float parade* at *caravan* mula San Pedro hanggang Calamba City sa Laguna ang mamamayan ng Timog Katagalugan sa pangunguna ng Bagong Alyansang Makabayan-Southern Tagalog (BAYAN-ST) noong Hunyo 28 bago ang inagurasyon ni Rodrigo Duterte. Sa ilalim ng temang "Bigkisan para sa Pagbabago, Kaunlaran at Kapayapaan", lumahok ang iba't ibang organisasyon mula sa TK para isulong ang adyenda ng bayan.

Tampok sa *float* ng iba't ibang organisasyon ang mga panawagan at isyung kinakaharap ng kani-kanilang sektor tulad ng paglaban sa kontraktwalisasyon ng mga manggagawa, pagtutol sa patuloy na pagpapatupad ng mga proyektong nakabalangkas sa mga patakarang neoliberal, pagsusulong ng repormang agraryo para sa mga magsasaka at ang paghahangad ng makabuluhang pagbabago para sa mga kababaihan.

Naglunsad ng *caravan* patungong Maynila ang delegasyon ng TK para lumahok sa National People's Summit na ginanap sa UP Diliman noong Hunyo 29. Tampok sa *summit* ang People's Agenda na naglalaman ng 15-puntong programa para sa makabayan at progresibong pagbabago.

Pagkatapos nito, tumulak ang *caravan* ng BAYAN-ST patungong Plaza Miranda na siyang naging *kick-off* ng martsa patungong Liwasang Bonifacio. Sa Liwasan ay sumanib ang iba't ibang delegasyon mula Cordillera, Bicol, Central Luzon, Cagayan Valley at Ilocos, at ang mga kinatawan ng iba't ibang rehiyon mula Visayas at Mindanao.

Kinabukasan ng Hunyo 30, nagmartsa ang inter-rehiyunal na delegasyon patungong Mendiola upang ilunsad ang pambansang programa para itulak ang makamamamayang mga programa at suportahan ang pahayag ni Duterte hinggil sa pagsusulong ng usapang pangkapayapaan, pagpapalaya ng mga bilanggong pulitikal at ang pagsusulong ng adyenda ng mamamayan para sa tunay na pagbabago. Kinagabihan, isang *candle lighting activity* ang inilunsad ng BAYAN-ST sa kanilang *vigil* sa Mendiola.

Noong Hulyo 1, nag-iwan ng sulat ang BAYAN-ST sa Malakanyang para humiling ng pakikipagdayalogo kay Duterte. Pagkatapos nito ay nagtungo sila sa tanggapan ng Department of Agrarian Reform (DAR) para ihapag kay Sec. Rafael Mariano ang mga usapin sa lupa ng mga magsasaka sa TK.

Nagtapos ang *caravan* ng BAYAN-ST sa isang misa sa Quiapo Church na nananawagan ng pagsuporta para sa usapang pangkapayapaan at sa pagpapalaya ng mga bilanggong pulitikal.

### Pagbaba ni BS Aquino sa pwesto, sinalubong ng protesta

Sinugod ng mga progresibong organisasyon ng mga kabataan ang tahanan ni Benigno S. Aquino III sa Times Street sa Quezon City noong Hunyo 30, ilang oras pagkatapos nitong bumaba sa estado poder. Anang Kabataan Partylist-Southern Tagalog, dapat managot si BS Aquino sa kanyang mga kasalanan sa taumbayan. Sa loob ng anim na taon, labis ang naging paghihirap ng mga kabataan at sambayanan dahil sa mga anti-mamamayang polisiyang ipinatupad nito.

Dapat ding managot si BS Aquino sa maiinit na usaping kinaharap ng kanyang rehimen tulad ng maanumalyang Disbursement Acceleration Program at ang madugong engkwentro sa Mamasapano. Anila, ang protesta ay simula pa lamang ng susunod pang mga pagkilos para kalampagin si BS Aquino hangga't hindi siya nakukulong.

# Pagwawakas ng endo, panawagan sa Mayo Uno

Pinangunahan ng Pagkakaisa ng mga Manggagawa sa Timog Katagalugan-Kilusang Mayo Uno (PAMANTIK-KMU) ang maigting na panawagan sa paglaban sa tumitinding opensibang neoliberal laban sa mga manggagawa sa okasyon ng ika-113 taong anibersaryo ng Araw ng Paggawa.

Libu-libong mga manggagawa, kasama ang iba't ibang sektor ang nagmartsa at naglunsad ng programa sa Calamba, Laguna na may temang "Wakasan ang imperyalistang dominasyon sa Pilipinas! Ibasura ang kontraktwalisasyon at neoliberal na patakaran sa paggawa! Isulong ang pambansang demokrasya na may sosyalistang perspektiba!" Tampok sa programa ang effigy na nagpapakita ng pagiging "Massacre King" ni BS Aquino dahil sa pagyakap nito sa mga patakarang neoliberal na nagmasaker sa karapatan at kagalingan ng mga manggagawa at mamamayang Pilipino.

Ayon kay Allan Bagas, pangkalahatang kalihim ng PAMANTIK-KMU, ipinakita ng sunud-sunod na protesta at welga ng mga manggagawa sa rehiyon ang mariing pagtutol ng mga manggagawa sa kontrakwalisasyon na labis na humahambalos sa kanila.

Sa kasalukuyan, tinatayang pito hanggang siyam na manggagawa ang biktima ng kaayusang kontraktwal sa loob ng pagawaan, gayundin ng iskemang *labor-only contracting*.

### *Mensahe ni Ka Ernesto Lorenzo*

Nagpaabot ng kanyang pakikiisa sa mga manggagawa si Kasamang Ernesto "Ka Ernie" Lorenzo. Si Ka Ernie ay istap ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) para sa usapang pangkapayapaan na iligal na inaresto at patuloy na nakakulong sa Camp Bagong Diwa sa Bicutan. Ayon kay Ka Ernie, mainam na pagkakataon ang Mayo Uno para balikan at lagumin ang inabot na at isinulong ng kilusang paggawa sa rehiyon.

Aniya, ito rin ang pagkakataon upang itanghal at bigyan ng natatanging pagkilala ang mga lider-manggagawa at lider-unyonista na nagbuwis ng buhay alang-alang sa kapakanan ng uring manggagawa at sambayanang Pilipino. Inspirasyon sila at huwaran ng katatagan sa pagharap sa sakripisyo. Pinagpugayan ang mga dakilang martir bilang simbolo ng pagkilala at pasasalamat sa kanilang naging kontribusyon sa kabayanihan ng pakikibaka ng uring manggagawa.




"Ang inyong pagkilos ngayong araw ay kaugnay at bahagi ng lumalakas na kilusang manggagawa sa daigdig laban sa patakarang neoliberal. Sa sarili nating konteksto, ang pakikibaka para wakasan ang dominasyon ng imperyalismo sa bansa ay pakikibaka ng buong sambayanang Pilipino. Dapat isanib ng kilusang manggagawa ang lakas nito sa iba pang kilusang nagsusulong ng pambansa-demokratikong adhikain. Dapat laging nasa unahan ang kilusang manggagawa sa mga pakikibaka ng sambayanan para sa pundamental na pagbabago ng lipunang Pilipino. Marapat lamang ito dahil ang mga manggagawa ang kumakatawan sa mas maunlad na sistemang panlipunan," pagtatapos ni Ka Ernie.

### *Welga ng MCC at MSI, "yes to strike" ng Ebara*

Sabay na pumutok ang welga ng mga manggagawang kontraktwal sa Manila Cordage Company (MCC) at Manco Synthetics Incorporated (MSI) sa Carmelray Industrial Park I sa Canlubang, Calamba, Laguna noong Mayo 4. Nagkaisa ang mga manggagawa sa kanilang panawagang itigil ang endo, gawing regular ang mga manggagawang ilang taon nang kontraktwal at kilanlin ang kanilang unyon.

"Kontraktwalisasyon ang pangunahing dahilan kung bakit kami nagwelga. Karamihan sa amin ay halos isang dekada nang kontraktwal sa MCC at MSI," ani Brando Ebas, pangulo ng MSI Employee Labor Union na *federated* sa Organized Labor Association in Line Industries and Agriculture-Kilusang Mayo Uno (MSI-ELU-OLALIA-KMU).

Ang MCC-ELU-OLALIA-KMU at MSI-ELU-OLALIA-KMU ay dumanas ng sunud-sunod na panggigipit at maniobra ng mga kapitalista para wasakin ang kanilang unyon matapos nilang matagumpay na maiparehistro ito noong Mayo 21, 2015. Iginigiit ng mga kapitalista na ang mga manggagawa ay saklaw ng *manpower agencies* na Alternative Network Resources (ANR) at WorkTrusted at hindi kinikilalang mga lehitimong empleyado ng MCC at MSI. Gayunman, matagumpay na naigiit ng mga manggagawa ang kanilang pagiging lehitimong mga empleyado ng MCC at MSI.

Habang nagaganap ang welga sa MCC at MSI, nagwagi naman ang botong "yes to strike" sa kalapit nitong pabrika na Ebara Benguet Incorporated. Dahil sa patuloy na pagtindi ng pagsasamantala sa mga manggagawa, inaasahang patuloy na lalaganap ang kilusang unyon at mga welga ng mga manggagawa.

## Balitang TO

### *74th IBPA, tinambangan ng BHB*

Hindi bababa sa tatlong sundalo ang namatay bukod pa ang mga sugatan, matapos silang tambangan ng isang yunit ng Apolonio Mendoza Command-BHB Quezon bandang alas-9 ng umaga noong Mayo 21 sa Sityo Alat-alatin I, Barangay San Francisco B, sa bayan ng Lopez. Tumagal ang labanan ng 16 na minuto.

Naganap ang aksyong militar nang maantisipa ng BHB ang nakaambang pag-atake ng mga elemento ng 74th Infantry Battalion ng Philippine Army. Mahusay at mabilis na nakapagmaniobra ang mga Pulang mandirigma. Napangalagaan nila ang sariling pwersa habang nakapagdulot pa ng kaswalti sa kaaway.

Ang 74th IBPA ay may talamak na rekord ng paglabag sa karapatang pantao sa probinsya ng Quezon.

### *Pusakal na mamamatay-tao, pinarusahan*

Pinarusahan ng isang tim ng Bienvenido Valleber Command-BHB Palawan si Renel "aka Acol" Ciudad, isang pusakal na mamamatay-tao. Si Ciudad ay isa sa *hitman* ng *warlord* na si Abraham "Abe" Ibba, ang nanalong alkalde ng Bataraza.

Iginawad ang aksyong-pamamarusa kay Ciudad sa sentrong-bayan ng Bataraza noong Mayo 20, bandang alas-5 ng hapon.

Tampok sa mga pinakahuling kaso ni Ciudad ang pagpatay sa isang dating kapitan at drayber nito bago pa ang pambansang halalan noong Mayo 9, at ang pag-atake sa mga tauhan ng kapitan ng Kulandanum matapos ang eleksyon na siyang sanhi ng pagkamatay ng dalawang tauhan nito at ng malubhang pagkasugat ng anak ng kapitan na siyam na taong gulang.

Ipinagbunyi ng mamamayan sa lugar ang pamamarusa. Nagpasalamat sila sa BHB dahil nawala na ang isa sa mga kriminal na naghahasik ng takot sa lugar.


### *76th IBPA, binigwasan sa Mindoro*

Nagpapatuloy ang serye ng mga taktikal na opensiba ng Lucio de Guzman Command sa isla ng Mindoro. Noong Abril 6, nakasagupa ng Pulang hukbo ang mga elemento ng 76th Infantry Battalion

sa bayan ng Paluan, Occidental Mindoro. Isa ang patay at isa ang sugatan sa hanay ng militar habang ligtas na nakaatras ang BHB.

### *Aksyong-pamamarusa sa Batangas, ipinagbunyi ng mamamayan*

Sinunog ng isang yunit ng Eduardo Dagli Command-BHB Batangas ang isang *backhoe* na pagmamay-ari ng panginoong maylupang si Boy Unson noong Abril 4. Si Unson ay sangkot sa pangangamkam ng mahigit 500 ektaryang lupain sa bayan ng Balayan. Kasosyo ni Unson ang DMCI at Southpacific, Inc. sa mapaminsalang paghahakot ng buhangin sa Barangay Pook sa parehong bayan na nagdulot ng malalaking pagbaha. Ipinagbunyi ng mamamayan ang pamamarusang isinagawa ng mga Pulang mandirigma.



## Pagkakaisa ng mga katutubo, tampok sa Mangyan Day

Para maisulong ang kanilang karapatan at kagalingang panlipunan, tampok sa Mangyan Day ngayong taon na ginanap noong Abril 14 hanggang 17 ang layuning pagpapahigpit pa ng pagkakaisa ng mga katutubong Mangyan sa pangunguna ng HAGIBBAT-Mangyan Mindoro. Ang HAGIBBAT-Mangyan Mindoro ay pang-islang pederasyon ng pitong tribo ng mga katutubong Mangyan sa Mindoro—ang tribong Hanunuo, Alangan, Gubatnon, Iraya, Buhid, Bangon at Tadyawan.

Tulad ng iba pang mga grupong bumubuo sa pambansang minorya sa Pilipinas, ang mga katutubong Mangyan ay biktima rin ng matinding diskriminasyon, pang-aapi, pagsasamantala at kawalang hustisyang panlipunan. Ang kanilang mga lupang ninuno at mga likas na yamang matatagpuan dito na karugtong na ng kanilang buhay ay inaagaw sa kanila para pagtayuan ng dam at minahan na nakasisira sa kalikasan. Tampok dito ang Intex Nickel Mining at nakaambang itayong dam sa Alag River sa Baco. Biktima rin sila ng karahasang militar dahil sa malaganap na militarisasyon sa kanilang mga komunidad.

Sa pagtitipon ng mga tribong Mangyan, tinalakay nila ang mga suliraning kinakaharap ng mga katutubo at mamamayan. Nanindigan sila sa paglaban at pagtatanggol ng kanilang lupang ninuno na siyang pamana nila sa mga susunod pang henerasyon. Nagkaisa rin silang palawakin ang pakikipag-ugnayan ng mga katutubong Mangyan sa iba't ibang samahan, sektor, at indibidwal para sa pagpapalakas ng kanilang pakikibaka.

## Panawagan ng hustisya para kina Ka Eden at Ka Eddie, nagpapatuloy

Matapos ang 13 taon, nagpapatuloy pa rin ang sigaw para sa hustisya sa karumaldumal na pagpaslang kina Ka Eden Marcellana, dating pangkalahatang kalihim ng KARAPATAN-Southern Tagalog, at Ka Eddie Gumanoy, ikalawang tagapangulo ng Katipunan ng mga Samahang Magbubukid sa Timog Katagalugan (KASAMA-TK). Sina Ka Eden at Ka Eddie ay pinatay noong Abril 22, 2003 sa ilalim ng Oplan Bantay Laya ng rehimen ni Gloria Macapagal Arroyo.

Sa pangunguna ng KARAPATAN-ST, tinungo ng mga tagapagtaguyod ng karapatang pantao ang himpilan ng Department of National Defense noon ding araw na iyon upang singilin ang mersenaryong militar sa mga krimen nito sa mamamayan. Ipinanawagan nila ang katarungan para kina Ka Eden at Ka Eddie, at sa lahat ng mga naging biktima ng karahasang militar. Mariin din nilang kinundina ang patuloy na pag-iral ng mga paglabag sa karapatang pantao sa ilalim ng Oplan Bayanihan ng gubyerno ni BS Aquino.

## Ka Dorris, pinagpugayan ng mamamayan

Binigyang-pugay ng mamamayan si Kasamang Dorris Cuario, ang dating pangkalahatang kalihim ng KARAPATAN-Southern Tagalog, na pumanaw noong madaling araw ng Hunyo 23 dahil sa sakit na leukemia.

Higit isang dekada nang nakikipaglaban si Ka Dorris sa kanyang karamdaman. Sa kabila nito, iniambag niya ang kanyang natitirang lakas at panahon sa paglilingkod sa mamamayan. Patunay nito ang bumuhos na pakikiramay ng mga manggagawa, magsasaka, kababaihan, kabataan at iba pang mamamayan na kanyang natulungan at nakasama.

Ayon sa pahayag ng Komiteng Rehiyon ng Partido sa Timog Katagalugan (KRTK), "Mas malala ang sakit ng lipunang Pilipino na nangangailangan ng kalunasan. Sa kamalayan ni Ka Dorris, napakaikli na ng kanyang buhay na mailalaan sa paglilingkod sa sambayanan. Ginawa niyang makabuluhan ang bawat sandali. Hindi niya sinayang ang bawat pagkakataong mayroon siya upang ipadama sa ating lahat ang kanyang pagmamahal at pagkalinga. Niyakap niya nang buong puso ang mga dusta at api. Matiyaga silang iminulat, inorganisa at sumama sa mga pagkilos nila upang ipaglaban ang hustisyang panlipunan."

"Nakaukit na sa rebolusyonaryong kasaysayan ang dakilang ambag ni Kasamang Dorris Cuario kasama ang mga naunang martir at bayani ng rebolusyon at sambayanan. Ang pagdadalamhati ay ibaling sa ibayong rebolusyonaryong katapangan at kapasyahang patuloy na paglingkuran ang sambayanan. Gamitin nating inspirasyon ang kanyang buhay at tularan ang kanyang walang pag-iimbot na paglilingkod at pagmamahal sa rebolusyon at sambayanan," pagtatapos ng KRTK.

## Pandaraya, anumalya at karahasan, tampok sa nakalipas na halalan

Ang nakalipas na halalang pampanguluhan ay napuno ng samu't saring pandaraya, anumalya at karahasan. Sa panahon pa lamang ng kampanyahan, naganap ang mga karumaldumal na mga krimeng may kaugnayan sa labanan sa pulitika. Tampok rito ang nangyaring *shootout* sa Rosario, Cavite kung saan pito ang tinambangan at napatay. Laganap rin ang malawakang pamimili ng boto hanggang sa mga barangay.

Lalong nalantad ang bulnerabilidad ng *automated election system* na matagal nang ipinoprotesta ng mamamayan. Ayon sa Kontra Daya at Sagradong Boto Ipaglaban (SBI Movement), karamihan ng mga presinto ay nag-ulat ng *malfunction* sa kanilang mga *vote counting machines* (VCM). Maraming naiulat na *disenfranchisement* mula sa mga balotang hindi tinanggap ng VCM o mga botanteng hindi makita ang kanilang mga pangalan sa talaan. May mga botanteng nakatanggap ng mga balotang *preshaded* na ng buong *slate* ng Liberal Party. Habang sa iba naman ay nakakuha ng mga resibong hindi katugma ng listahan ng mga kandidatong kanilang ibinoto. Isang halimbawa ng malawakang *disenfranchisement* ay ang libu-libong botante sa Lucban, Quezon na hindi nakaboto dahil wala ang kanilang mga pangalan sa talaan ng mga botante sa kani-kanilang mga presinto.




Samantala, bago pa ang halalan, naglunsad ng kilos-protesta ang Campaign Against the Return of the Marcoses to Malacañang (CARMMA)–Southern Tagalog para pigilan ang ambisyon ni Bongbong Marcos na maluklok bilang bise presidente ng Gubyerno ng Pilipinas (GPH). Ipinanawagan nila sa programang inilunsad noong Abril 16 sa Lucena City, Quezon ang hustisya para sa mga biktima ng Batas Militar at ang pagsauli sa taumbayan ng ninakaw na kayamanan ng mga Marcos.

## *Hamletting sa mga katutubong Dumagat*

Kasalukuyang dumaranas ng pagha-*hamlet* ng mga militar mula sa 2nd Infantry Division ang komunidad ng mga katutubong Dumagat sa Sityo Paglitaw, Barangay Calawis, Antipolo City sa probinsya ng Rizal. Naging target ng panunugis at panggigipit ang mga anak ni Nicanor "Ka Kano" delos Santos. Si Ka Kano ay isang lider-katutubo na matatandaang pinaslang at biktima ng *extra-judicial killing* sa panahon ng Oplan Bantay Laya ng rehimeng US-Arroyo.

Ayon sa mga katutubong Dumagat na naninirahan sa lugar, pinasok at nilukuban ng mga elemento ng Armed Forces of the Philippines (AFP) mula sa Camp Capinpin sa Tanay, Rizal noong Mayo 2016 ang kanilang komunidad. Una muna'y sinuyo ang mga residente sa pagkakaroon ng barberyang pagupitan ng buhok at mga palaro tulad ng basketbol ngunit labis na nag-alala ang mga residente sapagkat kinukunan ng litrato ang lahat ng mga nagpapagupit at ang mga manlalaro ng basketbol. At sa pagbalik ng mga sundalo noong sumunod na buwan ng Hunyo, pinaghahanap na nila ang mga katutubong kanilang pinaglilitratuhan na nagdulot ng takot at pangamba sa buong komunidad. Pinuntahan ng mga nasabing militar ang pamilya ni Ka Kano at inakusahan ang mga anak nito na kasapi at simpatisador ng BHB. Pinagrereport ang isa sa Camp Capinpin para umano magpaliwanag subalit hindi siya sumama.

Naghasik ito ng takot sa mga katutubo. Bawat kibot ng mga taumbaryo ay binabantayan at sinisita ng mga militar. Itinatala ang oras ng bawat paglabas patungong linang gayundin ang oras ng kanilang pagbalik mula sa pagtatrabaho. Kinontrol din ang pagkain ng taumbaryo at nilimitahan ang dami ng maaari lamang bilhing bigas at pang-ulam gayong napakalayo ng kanilang komunidad at magastos ang pagpapabalik-balik sa bayan. Ayon sa mga pasista, hindi maaaring magkaroon ng bastanteng suplay ng pagkain ang taumbaryo upang mapagkaitan din ng pagkain ang Bagong Hukbong Bayan. Dagdag na pagpapahirap ito sa mga katutubo sapagkat nalimitahan na rin ang kanilang paghahanapbuhay at hindi na sila nakakapangaso ni pumunta sa linang upang makapangalap ng makakain sa araw-araw.

Labis ang pangamba ng buong komunidad na bubweltahan sila ng mga militar sa pagkakalantad ng mga pangigipit at mga paglabag ng mga sundalo sa karapatang pantao ng mga katutubong Dumagat. Nahirapan ang mga taong simbahan na pumasok sa baryo sapagkat nagtayo na ng kampo ang mga sundalo sa gitna ng komunidad. Sinumang nagtatangkang pumasok o lumabas ay kanilang hinaharang.

## *Ahente sa paniktik, nahuli noong Mayo Uno*

Habang naglulunsad ng programa ang mga manggagawa noong Mayo Uno bilang paggunita sa Araw ng Paggawa, nadakip ng mga *marshall* ang isang ahente sa paniktik. Kinilala si PO3 Joel Bathan na may dala pang pistola habang nagmamanman at umaaligid sa programa. Maagap na inaresto si Bathan na akmang bubunot ng baril para maiwasang makapinsala sa mamamayan.

Ang pagmamanman ng mga ahente sa paniktik ng AFP at Philippine National Police (PNP) ay hindi na bago sa mamamayan. Libu-libong mamamayan na ang naging biktima ng panggigipit at *harassment* kung kaya't alerto sila sa maruming laro ng AFP at PNP. Maaalalang ang mga lider-aktibistang naging biktima ng *extra-judicial killings* ay nakaranas din ng pagmamanman sa mga ahente sa paniktik bago sila tuluyang pinaslang.

## *Demolisyon, nakaamba sa Patungan*

Ilang daang gwardya at mga personel ng PNP at AFP ang nagsisilbing mga pribadong *goons* ngayon sa Patungan sa Maragondon, Cavite kung saan nakaamba ang demolisyon at pagpapalayas sa 300 pamilya. Ang 602 ektaryang lupaing ito na kinakamkam ng pamilya Marcos, Virata at Panlilio ay iligal na ibinenta kay Henry Sy para pagtayuan ng mga empresang pang-ekoturismo. Maliban pa sa tahanan ng mga pamilya, dalawang eskwelahan din ang nakaambang gibain

para bigyang-daan ang negosyo ni Sy.

Dati nang may presensya ng pribadong armadong grupo ang Maria Teresa Virata Realty Corp. sa Patungan, subalit ngayon ay nireimpors pa ito ng mga yunit ng AFP at PNP para maghasik ng takot sa komunidad at tuluyan nang mapalayas ang mga residente. Sa kasalukuyan, patuloy na naninindigan ang mamamayan sa kanilang karapatan at sa lupang higit 150 taon na nilang tinitirahan at nililinang.


## Paglaban sa *coal mining*, tampok sa Earth Day

Mariing kinundina ng iba't ibang mga organisasyon mula sa Timog Katagalugan ang pandarambong at pagsira sa kalikasan ng malalaki at mapaminsalang mga kumpanya tulad ng pagmimina at *power plants*. Sa pangunguna ng Bagong Alyansang Makabayan-Southern Tagalog (BAYAN-ST) nakiisa sila sa paggunita sa Earth Day noong Abril 22. Lumahok sila sa pagkilos sa Mendiola na pinangunahan ng Kalikasan People's Network for the Environment kasama ang iba pang organisasyon mula Central Luzon at National Capital Region. Partikular nilang ipinanawagan ang pagbabawal sa *coal mining* na nakasisira sa kalikasan at nagdudulot ng polusyon at ang patuloy na pagtataguyod ng gubyerno sa mga *power plants* na ginagatungan ng karbon. Kabilang dito ang Calaca Power Plant at ang planong ekspansyon pa nito.




## BAYAN-ST, nakiisa sa mga magsasaka sa Kidapawan

Naglunsad ng kilos-protesta ang Bagong Alyansang Makabayan-Southern Tagalog (BAYAN-ST) noong Abril 8 sa Crossing Calamba bilang pagsuporta sa panawagan ng mga magsasaka sa Kidapawan City. Kasama ang mga organisasyon mula sa iba't ibang sektor at probinsya, nakiisa sila sa pambansang panawagan para sa pagkain at hustisya.




Mariin nilang kinundina ang marahas na aksyon ng gubyernong BS Aquino sa panawagan ng mga magsasakang nakabarikada. Tanging hiling ay suporta sa pagkain at produksyon upang ibsan ang gutom at pinsala sa agrikultura ng penomenong El Niño. Tatlong magsasaka ang namatay sa masaker habang sugatan ang iba pa.

Anang BAYAN-ST, inutil na nga ang gubyernong Aquino sa pagtugon sa pangangailangan ng mamamayan, bala pa ang isinagot nito sa panawagang pagkain ng mamamayan. Nagtapos ang protesta sa isang *candle lighting activity* bilang pakikiramay sa mga biktima ng masaker.

Nagpaabot din ng pakikiramay sa pamilya at kaanak ng mga biktima si Patnubay de Guia, tagapagsalita ng National Democratic Front-Southern Tagalog. Ani de Guia, makatwiran at lehitimo ang panawagan ng mga magsasaka at lumad para sa pagkain at kabuhayan.

"Pinagkadalubhasaan na ni BS Aquino ang pagiging bingi at pagpapabaya sa mga batayang pangangailangan ng mamamayang tinamaan ng iba't ibang kalamidad. Hindi titigil ang mamamayang Pilipino hangga't hindi napapanagot si BS Aquino at lahat ng may kriminal na pananagutan sa sambayanan," pagtatapos ni de Guia.

# *Pabrika at piketlayn*

*Maaga pa lang ang umaga ngunit kailangan nang gumising.*

*Tulad ng nakaraang mga araw, ang ilang minutong lalagpas sa alas-sais ng umaga ay ilang piso ring kaltas sa sasahurin na pwede sanang pambili ng yelo o dagdag na ulam. Tag-init pa naman ngayon, mahirap ang matulog habang nag-iinit ang hangin sa paligid.*

*Nagbibisikleta na rin ako papuntang trabaho—mas tipid pa kaysa mag-dyip na halos bente ang gastos balikan. Kontrolado mo pa ang byahe at hindi ka na iimik kapag mabigat ang trapik o maraming sasakay. Inuunawa ko rin naman ang mga tsuper, abala rin kumita para sa pangkabuhayan nila.*


*Pagdating ko sa pabrika, dagsa agad ang mga target: dapat makagawa ng ganito karami matapos ang ilang oras, dapat walang bara sa production line, dapat walang problemang kaharapin habang nasa production. Kung meron man, bababaan ka na lang bigla ng memo ng manager o kung minamalas ka, hindi ka muna papapasukin.*

*Ganito ang buhay ng isang kontraktwal. Ang sasahurin mo, kulang pa sa kailangan mo araw-araw. Kumbaga, kikita ka lang din para pumasok ulit bukas. Wala pang kasiguruhan hindi lang sa trabaho, kundi sa mga makukuha mo kung sakaling maaksidente ka sa pagawaan.*

*Ilang buwan na ang nakararaan, namasukan ako sa isang agency. Sabi nila, bibigyan daw ako ng trabaho sa isang malaking pagawaan. Umasa ako ng sweldong sapat na subalit hindi ito ang ibinigay sa akin. Dinala lang pala ako ng agency sa kumpanya para ipasok sa pabrika.*

*Noong akala ko'y wala na akong magagawa, nagkaroon ako ng pag-asa nang dumating ang mga manggagawa sa labas ng engklabo namin para mamigay ng pulyeto at mag-imbita. "Lumapit lang kayo sa amin kung may problema kayo sa pagawaan," sabi nila. Syempre, ako na hindi na makapagtimpi, kinuwento ko ang mga nararanasan ko sa loob.*

*Inimbita nila ako sa isang pag-aaral. Dito ko nalaman na matagal nang krisis ang kinahaharap ng mga tulad kong manggagawa at hindi na pala bago ang kinaharap ko. Sabagay, tandang-tanda ko rin ang lungkot sa mukha ng mga magulang ko—parehong mga manggagawa—mabuhay lang kami araw-araw.*




*Matapos ang pag-aaral, nag-iba ang pananaw ko: hindi ko na lang nais ng nakabubuhay na sahod. Tutal, hindi naman ito mangyayari kung nananatili ang mga kapitalista't estado sa pambubusabos nila sa amin. Syempre, kailangan ng sama-samang lakas at pagkilos. Sinimulan naming itayo ang aming samahan, kahit patago sa mga mata*

*ng may-ari ng agency at ng kumpanya.*

*Narinig ko rin ang mga karanasan ng iba't ibang mga manggagawa sa iba pang pabrika. Tila parang naging ka-pabrika ko rin sila sa halos magkakaparehong kwento nila ng pagkabusabos. Sa aming pagkakapit-bisig sa harap ng lahat ng mga hamon at suliranin, hindi na lamang kami naging mga ka-manggagawa kundi naging mga magkakasama—hindi kapatid o kamag-anak, kundi kasangga tungo sa tunay naming paglaya.*

*Inimbitahan din kaming sumapi sa RCTU. Dito, unawa na namin na ang pangako ng isang sosyalistang lipunang umiral sa ibang bansa noon, sa pinakawastong paraan, ay siyang nagdala ng tunay na pagkakaisa at kalayaan, hindi lamang sa aming mga manggagawa, kundi para sa lahat. Lumalim ang mga pag-aaral, at doon namin naunawaan: ang pakikibaka para sa sahod, trabaho at karapatan ay bahagi lamang ng higit na mas masaklaw na pakikibaka para sa tunay na paglaya at sa pagkamit ng sosyalistang lipunan.*

*Sa patuloy na pagsahol ng kaayusan sa loob ng aming pagawaan, inilunsad namin ang makapangyarihang sandata ng uring manggagawa sa paghamon sa kapitalista: ang welga!*

*Inayos ang piketlayn. Tinibayan ang hanay. Nangalap ng suporta sa pinakamalawak na hanay ng mga manggagawa at mamamayan. At sa loob ng isang linggong tigil-produksyon, sumuko ang kapitalista. Sinubukan man niyang mandahas at buwagin ang aming piketlayn—ilang mga bumbero at goons ang dinala sa pabrika—nagtagumpay pa rin kami: regularisasyon para sa lahat ng manggagawa sa aming pabrika! Kinilala na rin ang aming unyon at sumigla ang kasapian nito.*

*Makalipas ang ilang buwan, kami naman ang naging panibagong mga guro at organisador sa mga manggagawang kontraktwal sa iba pang pabrika sa rehiyon. Sa ganitong paraan, nagpapatuloy ang pag-alab ng kilusang paggawa: ang pagkakaisa hindi lamang sa ekonomiya, kundi sa pulitika. Sapagkat sa huli, ang bagong pulitika ay magpapasya sa isang bagong tipo ng ekonomiya—isang ekonomiyang magsisilbi sa lahat.*

*Ito na ngayon ang dahilan kung bakit maaga pa lang ang umaga, kailangan nang gumising.*

## *Ang lupa ay digma*

ni Ka Goryo

Ang laban sa lupang
tinubuan
Ang laban sa lupang
sakahan
Ay kasing kahulugan ng
pagsusulong ng digmang
bayan
Pagkat ang panginoong
maylupa ay gahaman
Gumagamit ng dahas at
makinarya ng pamahalaan

Sa karanasan at
kasaysayan
Ang lupa ay pinagbuwisan
ng buhay

Kung walang hukbo
ang magsasaka at ang
taumbayan
Mananatili tayong api ng
mga pasista't gahaman
Kaya't mga kauring
magsasaka
Ating itaguyod ang
pambansang himagsikan!
Sa pamumuno ng Partido
Komunista
Sa bisig ng hukbo at lakas
ng taumbayan
Nakatitiyak tayong
sa hinaharap ay
magtatagumpay
Ang pakikibaka para sa
lupa
At ganap na kalayaan!